


**ZION ASSEMBLY
CHURCH OF GOD**



Buod
ng
Pananampalaya

Buod ng Pananampalataya

Panimula

Ang Zion Assembly Church of God ay isang katawang puspos ng Espiritu ng mga mananampalataya na ipinagka-tipan ang kanilang mga sarili sa Diyos upang tanggapin at sundin ang mga katuruan ni Cristo at ng Kaniyang mga apostol (Exodo 19:3-6; Juan 14:6, 8; Mga Gawa 2:42; Mga Taga Efeso 5:24-32). Ang pangakong ito ay matibay kahit sa kasalukuyang panahon ng pagbabalikwas (apostasy), kung saan marami ang “tumatalikod” at “[humihawalay] sa pananampalataya” (2 Mga Taga Tesalonica 2:1-12; 1 Timoteo 4:1-3; 2 Pedro 2; 3:1-12; Judas 3-19).

Ipinangako ng mga ministro at miyembro ng Zion Assembly ang kanilang mga sarili na magkaisang mamuhay at magpuri sa “lubhang banal na pananampalataya”, lumakad sa katotohanan, “magsikap na ingatan ang pakikipagkaisa sa Espiritu sa tali ng kapayapaan”, at “pangalagaan sa kanilang mga sarili ang mga biyaya ng pagibig at kabanalan”. Hinahanap nila ang kasakdalan ni Cristo sa kanilang pagkakaisa, at sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya at kapangyarihan na umayon sa larawan ni Jesu-Cristo na kung Siya’y mahayag, sila’y lubos na magiging katulad Niya (Mga Taga Roma 8:29; Mga Taga Colosas 1:1-17; 1 Juan 3:2).

Bukod sa katangiang ito ng papapalago ng mutual na pag-ibig at kalinga sa loob ng bahay ng Dios, ipinagkaloob ng mga ministro at mga miyembro ng Zion Assembly ang kanilang mga sarili sa paggawa para sa pagkakaisa ng lahat ng mga mananampalataya hanggang ang lahat ay “magkikita ng mukhaan”, “mangagsasalita ng isa lamang bagay”, “magsilakad sa gayon din ayos” (Isaias 52:8; 1 Mga Taga Corinto 1:10; Mga Taga Filipos 3:16). Sa ganitong kaparaanan, kanilang sinisikap na patuloy na dalhin ang apostolikong pangitain (apostolic vision): “Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagpapakilala sa anak ng Dios, hanggang sa lubos ng paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo” (Mga Taga Efeso 4:13).

Dagdag pa sa obligasyon ng Zion Assembly ang maipalaganap at maipahayag ang kabuoan ng evangelio sa buong mundo bilang pagsunod sa inatas ni Cristo sa iglesia (Mateo 28:19).

Paalala: Ang mga artikulo sa Tao, Kasalanan, Mga Gawa ng Laman, Cristianong Kasakdalan, Katiyagaan at Anticristo ay naidagdag sa edisyong ito ng Buod ng Pananampalataya. Ang mga ito’y tinanggap sa ika-walong Taunang Pangkalahatang Asemblea sa tamang pagkakasunod-sunod noong ika-10 ng Setyembre taong 2011.

Pagiging Miyembro ng Iglesia

Ang pagiging miyembro ng Zion Assembly Church of God ay bukas sa lahat ng mga mananampalataya na ang kanilang patotoo ay bunga ng muling kapanganakan, at handa ang kanilang mga sarili na makipag-tipan kay Cristo at sa iglesia na lumakad sa liwanag ng evangelio. Nagiging kasapi ng iglesia sa pamamagitan ng sumusunod na taimtim na obligasyon:

Taos puso mo bang ipinangako sa harapan ng Dios at sa mga saksing ito na tatanggapin mo ang Bibliyang ito bilang Salita ng Dios, paniwalaan at tuparin ang kanyang mga katuruan na walang kinikilingan, kalakip ang Bagong Tipan bilang alituntunin ng inyong pananampalataya at paggawa, pamahalaan at disiplina, at sumasang-ayon na lumakad na kasama bilang isang katawan sa liwanag ng evangelio sa pinaka-maabot ng iyong kaalaman at kakayahan?

Bilang tugon sa tipang ito, ang magiging miyembro ay kailangang sumagot ng: “Aking gagawin sa pamamagitan ng biyaya ng Dios”. Pagkatapos nito, ang ministro ay magpapatong ng kamay sa bagong kasapi at mag-aalay ng panalangin para sa banal na patnubay at kalakasan; Susundan ito ng mainit na pagtanggap ng kongregasyon, at pag-abot ng kanang kamay sa kanya bilang pakiisa.

Mahalagang mga Katuruan sa Kasulatan

Paalala: Ang mga sumusunod na pahayag ay hindi upang gumawa ng isang panuntunan o upang isipin bilang isang paglalalahad ng maraming paniniwala kung kaya’t ang iglesia ay naitayo. Bagkus ang mga ito’y kabuoran lamang ng mga ilang mahalaga at pangunahing mga katuruan

at mga tuntunin na nailatag na sa Banal na Kasulatan, na bumubuo ng isang mahalagang bahagi sa Alituntunin ng Pananampalataya ng iglesia.

Tatlong Persona - Tinuturo ng Bibliya na ang nag-iisang Dios na walang hanggan ay nabubuhay sa tatlong persona: ang Ama, Anak at Espiritu Santo. Ang tatlong ito ay may natatanging pagkakilanlan, at sila'y bumubuo ng nag-iisang pagka-Dios na nabubuhay sa parehas na kalikasan (Mga Taga Roma 5:5; 15:16, 30; 2 Mga Taga Corinto 1: 20; 5:19; Juan 3:5; Mga Taga Efeso 2:18; Tito 3:5). Ang Ama ay Dios (Mga Taga Efeso 4:6), ang Anak ay Dios (Juan 1:1-3; 10:1; Mga Hebreo 1:8; Apocalipsis 1:8), ang Espiritu Santo ay Dios (Juan 14:17; 16:13; Mga Gawa 5:3; 1 Mga Taga Corinto 2:10), subali't hindi ibig sabihin nito'y may tatlong dios kundi iisang Dios (Deuteronomio 6:4). Ang tatlong persona ng banal na Trinidad ay sama-samang gumawa sa ganap na pagkakaisa para sa kaligtasan ng tao (Juan 3:5; 6:44; 14:6, 16, 17; 2 Mga Taga Corinto 5:19).

Jesucristo - Si Jesucristo ay ang “larawan ng Dios na di nakikita” (Mga Taga Colosas 1:15), at ang “bugtong na Anak” ng Dios (Juan 3:16). Sa pamamagitan Niya, ang Dios ay nahayag sa laman, pinapaging-banal sa Espiritu, nakita ng mga anghel, ipinangaral sa mga Gentil, sinampalatayanan sa sanglibutan, tinanggap sa itaas sa kaluwalhatian, at ngayon ay nakaupo sa kanan ng Dios para mamagitan sa atin (Mga Gawa 7:55; 1 Timoteo 3:16). Sa pamamagitan Niya lamang, ang tao ay makakaparoon sa Ama sa langit. Dahil sa kanyang sakripisyo at pagkamatay sa krus tayo ay naligtas. “At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas” (Mga Gawa 4:12). Siya ay walang bahid na “Cordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan” (Juan 1:29). Siya rin ang ulo ng iglesia at ang tagapagligtas ng katawan (Mga Taga Efeso 5:23).

Ang Bibliya – Ang Banal na Kasulatan – ang Luma at Bagong Tipan- ay kapahayagan ng Dios at ng Kaniyang kalooban sa tao. Ito'y mga kinasihan, walang pagkakamali, tiyak at di nagbabago (2 Timoteo 3:14-16; 2 Pedro 1:16-21). Ang mga katotohanan ng Kasulatan ay nahayag sa pamamagitan ng hula, pamantayan, batas, at halimbawa, na nabigyang liwanag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ang mga katuruan sa Bibliya, lalo na sa liwanag ng Bagong Tipan, ay mga huling alituntunin ng iglesia sa pananampalataya, paggawa, pamahalaan at disiplina (Mga Gawa 2:42; 2 Pedro 3:1, 2). Ang paglakad sa liwanag ng Salita ng Dios ay prinsipyong gabay at pangako ng Zion Assembly

Church of God. “Ang salita mo'y ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas” (Mga Awit 119:105).

Ang Iglesia - Ang iglesia ay hayag na katawan ng mga mananampalataya na nabuo at nagkaisa sa pamamagitan ng pakikipagtipan sa Dios upang panatilihin ang Kaniyang mga kautusan (Exodo 19:5-8; 24:3-8; Mga Awit 119:57; Juan 14:15; 17:6, 8, 14; 1 Pedro 2:9). Teokratiko ang anyo at pagganap, nagbibigay kaayusan at kapamahalaan sa pamamagitan Espiritu at ng Kasulatan para sa bayan ng Dios (Isaias 2:2-4; 9:7; Mateo 18:15-20; 1 Mga Taga Corinto 12:28). Ang iglesia sa kasalukuyan ay hindi pa ganap, may bahid ng mga nagsisipagtalikod at mga “hindi tunay na kapatid” (1 Mga Taga Corinto 5; Mga Taga Galacia 2:4; Judas 4). Samakatuwid, ito'y iba sa kaharian ng Dios, na isang espirituwal na kasaklawan ng lahat na mananampalataya na naipanganak na muli (Juan 3:3-8; Mga Taga Roma 14:17; Mga Taga Colosas 1:13). Ang isang tao ay “ipinapanganak” sa kaharian; subalit ang isang tao ay “idinaragdag sa iglesia” (Juan 3:3-8; Mga Gawa 2:47). Ang iglesia ay magiging matagumpay sa pagpapalaganap ng evangelio sa buong sanglibutan (Mateo 24:14; 28:18-20; Marcos 16:15, 16); magiging ganap “sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig dahil sa salita,” at maiharap kay Cristo na maluwalhati sa kabanalan (Mga Taga Efeso 5:26, 27). Ang Pangkalahatan na Asemblea (General Assembly) ang pinakamataas na kapangyarihang hukuman ng iglesia para sa interpretasyon ng Kasulatan (Mga Gawa 15; 16:4, 5). Ang layunin ng Pangkalahatan na Asemblea ay upang itaguyod ang pagkakaisa at samahan ng mga banal, saliksikin ang Kasulatan para sa karagdang liwanag at kaunawaan, at upang lutasin ang mga pagkakaiba ng mga interpretasyon na maaring mag baha-bahagi sa mga ministro at mga iglesia. Lahat ng mga bagay patungkol sa pananampalataya, pamamahala at disiplina ay tinalakay sa harap ng buong iglesia na nagkatipon-tipon, at nilulutas sa isang kapasyahan ayon sa pagkilos at pagsangayon ng Espiritu (Mga Gawa 16:12, 22, 28). Ang paraan at kaayusang ito ay batay sa sinauna: “Sapagka't minagaling ng Espiritu Santo, at namin” (Mga Gawa 15:28). Lahat ng lalaking miyembro na may mabuting katayuan ay may karapatan magbahagi ng tinig sa Asemblea. Ang mga babaing miyembro ay may mahalagang bahagi sa buhay at mga ministeryo ng iglesia. Gayunman, sa mga bagay na may kinalaman sa kapangyarihan ng iglesia, kailangan nilang ipaabot ang kanilang mga opinion sa kanilang asawa at sa mga matatanda sa iglesia (1 Mga Taga Corinto 11:3, 7-9; 14:34-36; 1 Timoteo 2:12; 3:1-17).

Tao - Ang tao ay bukod tangi sa lahat ng lalang ng Dios. Siya lamang ang nilikha ng Dios ayon sa Kaniyang larawan at wangis (Genesis 1:27; 5:2; Ecclesiastes 7:29; 1 Mga Taga Corinto 11:7; Mga Taga Efeso 4:24), kaya't ang tao samakatuwid ay mayroong natatanging relasyon sa Dios. Ang tao ay binubuo ng kaluluwa, espiritu, at katawan (Job 32:8; Ecclesiastes 12:7; Mateo 10:28, 1 Mga Taga Corinto 15:45; 1 Mga Taga Tesalonica 5:23; Mga Hebreo 4:12), bagaman ang pagkakaiba ng "kaluluwa" at "espiritu" ay lubusan lamang na mauunawaan sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios (Mga Hebreo 4:12 ihambing sa Juan 12:27 at 13:21). Sa lahat ng may buhay na mga bagay sa sa sanglibutan, ang tao lamang ang mayroong kamalayan sa Dios at kaluluwang walang kamatayan (Genesis 2:7; 1 Mga Taga Corinto 15:45). Kaya nga, ang tao ay mayroong tadhana na walang hanggan sa langit o impyerno, may buhay na walang hanggan o walang katapusang kamatayan at sumpa (Mga Taga Roma 6:23; Apocalipsis 20:4-6; 21:7, 8). Siya ay nalikha sa pamamagitan ng banal na utos sa loob ng isang araw; kaya nga ang tao ay hindi dahil sa ebolusyon, o nabuhay ng hindi sinasadya. Bukod dito, makikita ang pagiging bukod-tangi ng tao nang siya'y bigyan ng kapamahalaan sa sanglibutan sa lahat ng mga bagay na may buhay kasama ang buhay ng hayop (Genesis 1:26, 28). Ang pagiging bukod-tangi na ito ay kabilang kung bakit ang Mangaawit ay nagagalak, "Ako'y nagpapasalamat sa iyo; sapagka't nilalang ako na kakilakilabot at kagilagilalas" (Mga Awit 139:14), at kung bakit niya tinatanong, "Ano ang tao upang iyong alalahanin siya?" (Mga Awit 8:3, 4).

Ang tao ay nilalang na lalake at babae (Genesis 1:27; 2:18, 21-25) upang sa ganoon ang magka-ibang kasarian ay magsama sa ilalim ng banal na samahan bilang asawang lalake at asawang babae (Genesis 2:21-25; Marcos 10:6-9) upang makalikha ng lahi ng tao – upang "magpalaanakin at magpakarami" (Genesis 1:28, 9:1) – at upang magbigay ng ginhawa at pagsasama sa bawat isa (Mga Kawikaan 18:22; Ecclesiastes 9:9; Mga Taga Efeso 5:22-25, 28-31; 1 Pedro 3:7). Ito ang banal na kaayusan para sa tao; ang pakikipagtalik ng hindi kasal o fornication (pakikipagtalik bago ang kasal, homosekswalidad, pakikipagtalik sa kamag-anak, pakikipagtalik sa hayop) at pakikiapid (pagiging taksil sa kasal at ang diborsiyo at muling pagpapakasal habang buhay pa ang unang kinakasama) ay mga napakasamang katiwalian sa kalooban at disenyo ng Dios para sa tao (Malakias 2:14-16; Mateo 5:28; Marcos 10:7-12; Lucas 16:18; Mga Taga Roma 7:2, 3; 1 Mga Taga Corinto 7:10, 11, 39).

Kasama sa kamalayan ng tao sa Dios ay ang likas na pagkaunawa ng moralidad --- ng mabuti o masamang asal --- at ang pagkakaroon ng pananagutan sa kaniyang mga gawi (Mga Gawa 17:28-

30; Mga Taga Roma 1:19, 20; Juan 1:9). Ang moral na responsibilidad at ang pagkakaroon ng pananagutan ay dulot sa likas na pagkakaroon ng tao ng kamalayan sa Dios at ng malayang pagpili, ibig sabihin, siya ay may kakayahang pumili at gumawa ng pagsunod o pagsuway sa ipinahayag na kalooban ng Dios (Josue 24:15-25; 1 Mga Hari 18:21; Ezekiel 20:39; Lucas 13:35; Juan 3:36; Apocalipsis 22:17).

Ang tao ay nilalang na banal, sa moral na larawan ng Dios (Genesis 1:27, 31; 5:1, 2), subalit ang kaniyang pagbagsak sa hardin ng Eden ay nagbaon sa kaniya sa kasalanan at katiwalian. Ang kaniyang pagbagsak ay dahil sa katotohanan na siya ay mayroong kalayaan sa pagpili, Pinili ni Adan, sa ilalim ng mapanuksong impluwensiya ni Satanas, ang pagsuway sa Dios. Sapagkat ang tao ay isang lahi, di tulad ng mga anghel, ang kasalanan ay naikalat sa lahat ng tao dahil sa pagkakasala ni Adan (Genesis 3:6; Mga Taga Roma 5:12; 1 Mga Taga Corinto 15:21). Ang kaniyang pagkatubos at muling pagkakasundo sa Dios ay ginawang posible sa pamamagitan ng sakripisyo ni Cristo (Mga Taga Roma 5:15-19).

Si Cristo ay ang pangalawang Adan (1 Mga Taga Corinto 15:22, 45). Siya samakatuwid ay tinawag na Anak ng tao pati narin bilang Anak ng Dios (Mateo 12:8; 16:13; Lucas 1:35; Juan 1:14; Colosas 1:15, 19; Mga Hebreo 1:8; Apocalipsis 1:8). Sa Kaniya, ang Dios at ang tao ay nabuhay sa isang persona (Juan 1:1-3, 14; Mga Taga Filipos 2:5-8). Ang unang Adan ay nabigo at hinulog ang tao sa kasalanan; Ang pangalawang Adan, si Cristo, ay nabuhay na matagumpay laban sa kasalanan (2 Mga Taga Corinto 5:21, Mga Hebreo 4:15), na dahilan upang tayo rin ay maging matagumpay laban sa kasalanan at maligtas (Isaias 53:4-9; 2 Mga Taga Corinto 2:14; 1 Pedro 2:21-24). Ang manampalataya at magsisi, at mapanganak muli ay maliligtas (Juan 3:3-8, 16; 10:28). Si Cristo ang sakdal na tao, at ang lahat ng tao ay maaring maging sakdal sa Kaniya at sa pamamagitan Niya, na ating tagapagligtas at tagapagbanal (Mga Hebreo 2:11; 10:10, 14; 13:12).

Kasalanan - Ang kasalanan ay totoo at hayag na kasamaan. Ito ay nagmula kay Satanas sa langit (Isaias 14:12-14; Juan 8:42; 1 Juan 3:8; Apocalipsis 12:7-9), at sa tao sa Hardin ng Eden nang si Adan ay nagrebelde at nagkasala laban sa maliwanag na utos ng Dios at pagkain sa ipinagbabawal na prutas (Genesis 3:6, 17). Ang kasalanan sa makatuwid ay sariling kalooban na pagrebelde laban sa batas ng Dios (Exodo 35:19, Mga Awit 51:3; Mga Hebreo 4:7; 10:26; 13:18; 2 Pedro 3:5). Ito ay maaring tukuyin bilang kawalan ng kautusan (Mga Taga Roma 3:20; 4:15; 5:13; Mga Taga Galacia 3:19; 1 Timoteo 1:9), pagsalangsang (Mga Awit 119:158; Mga Taga Efeso 2:1; 1 Juan 3:4),

pagsuway (Mga Taga Roma 8:7; Tito 1:16; 3:3; 1 Timoteo 1:9; 1 Pedro 2:7, 8), at paghihimagsik (Mga Awit 78:8; Mga Panaghoy 1:18; 3:14; Daniel 9:5). Ang kasalanan ay naroon rin sa di pananampalataya (Juan 3:18; Tito 1:15; 1 Juan 2:22-24; Apocalipsis 21:8).

Di tulad ng mga anghel, ang tao ay isang lahi, kaya, ng ang unang tao na si Adan ay nagkasala, ang kasalanan ay nailipat sa lahat ng mga tao sa pamamagitan niya (Mga Taga Roma 5:12). Ang lahat ng tao samakatuwid ay naisilang na may likas na kasalanan at sa gayon ay may likas na hilig sa kasalanan (Mga Awit 51:5; 58:3; Mga Taga Efeso 2:3; 1 Juan 1:8). Wala sinuman ang hindi saklaw, kasama si Maria, ang ina ni Jesus. “Sapagka’t ang lahat ay nagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios” (Mga Taga Roma 3:23).

Ang kasalanan ay umiiral sa dalawang anyo: 1) sa pinaka pagkatao ng tao, sa kaniyang suwail na likas na katangian (Mga Taga Roma 6:6, Mga Taga Efeso 2:3); 2) sa aktwal na gawa ng pagsalangsang (Mga Taga Efeso 2:1; Mga Taga Colosas 2:13). Ang kasalanan ay pinaglililihi sa puso at nilalabas sa kaisipan (Genesis 6:5; Mateo 15:19), salita (Mateo 5:22), at/o sa gawa (Mga Taga Roma 1:32).

Ang kamatayan at walang hanggan na paghihirap ay ang parusa na ipinataw ng Dios sa sankatauhan para sa kasalanan (Mga Taga Roma 6:23). Ang mabuting balita ay ang pagdanak ng dugo ni Jesus, ang Kaniyang kamatayan sa krus, at ang Kaniyang muling pagkabuhay ay nagbigay ng lunas para sa kasalanan (Mga Taga Roma 5:15-19; Mga Hebreo 9:22). Sa biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, ang mga pagsalangsang ay pinatawad at ang “lumang pagkatao,” ang kasalananang likas, ay naipako.

Sa pagiging matuwid (justification), ang aktwal na pagsalangsang ay pinapatawad at niwawala (Mga Taga Roma 3:28-30; 5:1; Mga Taga Efeso 2:5; 13-18); Sa pagiging banal (sanctification), ang pinaka kalikasan ng kasalanan na naka-ugat sa puso ng tao ay binubunot at inaalis (Mga Taga Roma 6:6; Mga Taga Galacia 2:20; 5:24; 6:14; Mga Taga Colosas 3:3-10). Ang pinaging banal na mananampalataya samakatuwid ay naging malaya sa kasalanan (John 8:36).

Mga Gawa ng Laman – “Hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan, pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya, mga kapangahilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at mga katulad nito” (Mga Taga Galacia 5:19-21). Ipinahayag ni apostol Pablo ang tatlong karaniwang kategorya ng pagkalamang [“mga gawa ng laman”]: 1) sensual at sekswal

na kasalanan na kabilang ang pakikiapid, pakikipagtalik ng di kasal, immoralidad, karumihan, walang katapatan, at lahat ng klase ng kalibugan, na maaring nagawa bago at/o habang kasal; 2) mga kasalananang espiritwal na panlilinlang at maka-demonyong pang aakit sa pamamagitan ng maling relihiyon, na kabilang ang pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, panghuhula, pakikipagusap sa mga patay, salamangka, pangaakit, pagbabasa ng palad, mga mapamahiing ritwal ng paganismo, at mga bagong kapanahunan na mga turo at kasanayan; 3) mga kasalanan pinagmumulan ng malisyoso at mapangyamot na espiritu, na kinabibilangan ng pagtatanim, poot, pagkakaalitan, pagkakampi kampi, paninibugho, di kontroladong, hindi makontrol na galit, pagpatay [aktwal o pagkimkim sa puso], mapait na pagtatalo, awayan, pagkakabaha-bahagi, panunulsol, hidwang pananampalataya, pagiiingitan, paglalasing, paglalango, paghuhumiyaw at panggugulo.

Ang listahan ng “mga gawa ng laman” na binigay ni apostol Pablo sa Mga Taga Galacia 5 ay hindi kumpletong talaan ng mga kasalanan. Mayroon pang mga tusong gawa ng laman at ng espiritu na hindi masyadong “hayag” o halata, na kinabibilangan ng kasakiman, pag iimbot, pagnanakaw, panggingikil, tsismis, paninirang puri, pagbubulong-bulongan at pagsasalita ng masama. Dinagdag sa gayon ng apostol sa kaniyang listahan ang mga salitang “mga katulad nito”. Ang kaniyang punto kung bakit niya dinala ang atensyon ng iglesia sa mga kasalananang ito at tukuyin ang mga ito ng partikular, ay upang tayo ay mas magkaroon ng kamalayan sa mapanirang kalikasan ng kasalanan, at upang ipahayag ang lunas ng Dios para sa kasalanan na na kay Cristo. Ang pagkalaya mula sa makapangyarihang mga gawa ng laman ay hindi matatamo sa pamamagitan ng batas o mga gawain ng relihiyon, subalit sa pamamagitan lamang ng “pagpapabanal ng Espiritu” at sa Salita ng Dios (Mga Taga Galacia 5:16-18, 24; 1 Mga Taga Tesalonica 5:23; 2 Mga Taga Tesalonica 2:13). Ang nagpapabanal na kapangyarihan na dugo ni Jesus na natanggap sa pananampalataya sa pamamagitan ng Espiritu Santo ang kalunasan! Ang “lumang pagkatao” ay kinakailangan maipako upang ang mananampalataya ay maging malaya at matagumpay sa kasalanan (Juan 8:36; Mga Taga Roma 6:6; 8:1-6; Mga Taga Galacia 2:20; 5:24; 6:14; Mga Taga Efeso 4:22-24; Mga Taga Colosas 2:11, 12). Dagdag pa dito, ang lumang pagkatao ay nanatiling nakapako sa pamamagitan ng ating araw-araw na pagtatalaga at “paglakad ayon sa Espiritu” ayon sa Salita ng Dios (Mga Taga Galacia 5:16, 25; 2 Timoteo 2:21-23)

Kaligtasang Gawa ng Biyaya

Kombiksyon (Conviction) ay isang kapahayagan sa tao ng Espiritu Santo tungkol sa makatuwirang hatol ng Dios. Sa pamamagitan ng kombiksyon, nakikita ng mga di nabagong-buhay na kaluluwa ang kanilang mga sarili bilang makasalanan sa harapan ng Dios, nakakaranas ng pag-amin ng pagkakasala, at napapagtanto ang kanilang paghiwalay mula sa Kanya na banal, matuwid at mabuti (Isaias 6:1; Juan 6:44; Mga Gawa 2:37, 38). Ang tunay na pagsisisi ay mangyayari lamang sa pamamagitan ng gawa ng Espiritu sa kombiksyon (Juan 16:7-15; 1 Mga Taga Corinto 12:3; tignan din sa Juan 8:32; 14:6).

Pagsisisi (Repentance) ay ang akto ng pangungumpisal sa mga kasalananag nagawa sa harapan ng Dios, na handang talikuran ang mga ito at manumbalik kay Cristo ng buong puso, kaluluwa, at lakas. Ang tunay na pagsisisi ay mangyari lamang sa isang espiritu na “pinalumbay sa paraang ukol sa Dios” (2 Mga Taga Corinto 7:9, 10). Ang pagsisisi ay nakikita sa pamamagitan ng tiyak na bunga na “karapatdapat na pagsisisi” (Mateo 3:8; Mga Taga Roma 6: 2). Ang aksyon ng pagsisisi ay dapat sundan ng pagbabautismo sa tubig [tignan sa ibaba] (Marcos 1:4, 5, 15; Lucas 13, 3; Mga Gawa 3:19; 5:30, 31; 1 Juan 1:9). Ang pagsisisi ay paunang kailangan na karanasan tungo sa pagiging-matuwid.

Pagiging-matuwid (Justification) ay isang kalagayan na walang pagkakasala sa Dios. Ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pantubos na dugo ni Jesucristo. Ito ay ang gawa ng Dios sa pagpapatawad ng mga pagsalangsang sa nagsisising makasalanan. Ang pagiging-matuwid ay bunga ng pagsisisi at pananampalataya (Mga Taga Roma 8:1, 2; 3:23-26; 1 Juan 1:7). Ang tunay na taong matuwid ay mayroong “kapayapaan sa Dios sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo” (Mga Taga Roma 5:1,2). Ang pagiging matuwid ay nagpapahiwatig ng pagpapawalang-sala (kapatawaran) bilang aspeto ng bagong pagsilang.

Pagbabagong-buhay (Ipinanganak na Muli) ay ang gawa ng Dios sa paglikha ng bagong buhay sa puso ng mananampalataya sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ito’y tiyak at biglaang karanasan. Ang tao ay patay sa mga kasalanan at pagkakasala mula kay Adan, at maari lamang sumigla o magbagong buhay sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Cristo at sa Kanyang kabayaran na sakripisiyo (Mga Taga Efeso 2:1, 4, 5; Mga Taga Colosas 2:13, 14; Juan 5:24). Ang pagbabagong-buhay ay kaparehas ng bagong pagsilang. “Ipinanganak na muli” ay isa pang katawagan ng pagbabagong-buhay. Ang bunga ng karanasang ito ay ang

mananampalataya ay nagiging anak ng Dios. Sa pamamagitan ng bagong pagsilang ang isang tao ay nagiging bahagi ng kaharian ng Dios. Sinabi ni Jesus, “Kinakailangang ngang kayo’y ipanganak na muli” (Juan 3:3-8; 1 Pedro 1:23). Ang bagong pagsilang ay paunang kailangan na kondisyon para sa pagiging banal.

Bunga ng Espiritu ay mula sa Dios. Ito ay ang pinaka buhay ng Dios na ibinuhos sa puso ng nabagong-buhay na mananampalataya. Ang mga bunga ng Espiritu ay pag-ibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, pagpipigil (Mga Taga Galacia 5:22, 23). Pinalalalahanan tayo ng Kasulatan na lumakad na ayon sa Espiritu at huwag gawin ang mga pita ng laman (Mga Taga Galacia 5:16; Mga Taga Efeso 5:9; Mga Taga Filipos 1:11).

Banal na pagpapagaling ay binigay sa lahat mula sa pagtubos. Ang pantubos na pagpapakasakit ni Cristo sa krus ay nagbibigay ng kagalingan sa buong pagkatao, kasama ang kanyang katawan. Ang banal na pagpapagaling ay epekto ng pananampalataya na walang tulong ng medisina o kaalamang surhikal. Sa mga kaso na ang isang tao ay gumaling sa tulong ng mga doktor, medisina, herbal, at iba pa, ang Dios ay kailangan pa ring purihin: sapagka’t ang Dios ang nagpapagaling sa anomang kaso. “Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko, at huwag kalimutan ang lahat niyang mabubuting gawa. Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan; na siyang nagpapagaling ng inyong lahat ng mga sakit (Mga Awit 103:2, 3; Isaias 53:4, 5; Mateo 8:17; 2 Pedro 2:24; Santiago 5:14-16).

Kasunod na Biyaya

Pagpapakabanal (Sanctification) ay ang ikalawang tiyak na gawa ng biyaya na inukit sa pusong nagbago sa pamamagitan ng pananampalataya. Sa pagpapakabanal, ang makalaman na likas ay pinuksa (“datihang pagkatao ay kalakip niyang napako”) upang ang mananampalataya ay di na magtangkang muli sa pagkakasala, na, sa pagpapakabanal ang pagnanais na magkasala ay naalis na (Mga Hebreo 10:10; 13:12, 13; Mga Taga Roma 6:1-6; 1 Mga Taga Tesalonica 4:3; 2 Mga Taga Tesalonica 2:13; 1 Pedro 1:2). Nagbibigay-daan ang pagpapakabanal upang dalhin ng tao ang kaniyang katawan sa pagpapasakop kay Cristo, at upang mamuhay alinsunod sa espiritu ng kabanalan at sa ayon sa Salita ng Dios. Ang pagpapakabanal ay paunang kailangan na kondisyon para sa bautismo ng Espiritu Santo.

Kabanalan (Holiness) ay bunga ng pagpapakabanal. Ito'y isang estado ng biyaya at kalinisan na kung saan ang pagiging tulad ni Cristo ay ninanais at inaabot (Mateo 5:48; 2 Mga Taga Corinto 7:2). Tinawag tayo ng Dios sa kabanalan (1 Mga Taga Tesalonica 4:7). “Kayo’y magpapakabanal; sapagka’t ako’y banal” (1 Pedro 1:15, 16). “Sundin ninyo ang kapayapaan sa lahat ng mga tao, at pagpapakabanal na kung wala ito’y sinoman ay di makakakita sa Panginoon” (Mga Hebreo 12:14; tignan din sa Lucas 1:74, 75; 2 Mga Taga Corinto 7:1; Tito 2:11, 12; Mga Taga Efeso 1:4; 4:13, 24). Pinahayag ni apostol Pablo ang kanyang nais na “mai harap naming sakdal kay Cristo ang bawa’t tao” (Mga Taga Colosas 1:28). Si Cristo ay magbabalik para sa isang iglesia na maluwalhati sa kabanalan: “walang dungis o kulubot o anomang gayong bagay” (Mga Taga Efeso 5:27; tignan din sa Mga Awit 45: 9-13).

Cristianong Kasakdalan --- Ang kasakdalan ng mananampalataya ay ang tawag at layunin ng Evangelio (Mateo 5:48; Juan 8:36; 2 Mga Taga Corinto 13:11; Mga Taga Colosas 1:22; Mga Hebreo 6:1; Santiago 1:4; Judas 24). Kinakailangan ang pagkadalisan at kasakdalan para sa kaligtasan, at ang estado ng biyayang ito ay dapat matamo “sa panahong kasalukuyan ng sanglibutang ito” (Tito 2:11-14). Ibinigay ni Cristo ang Kaniyang buhay at binuhos ang Kaniyang dugo upang ang mananampalataya ay maging sakdal sa Kaniya (Mga Hebreo 10:1, 14; 13:21), kapwa indibidwal at kabuuan sa katawan ni Cristo (Mateo 5:48; Juan 17:20-23; 2 Mga Taga Corinto 13:9; Mga Taga Colosas 1:28; Mga Taga Efeso 1:10; 2:14-22; 4:11-16; 5:27; Apocalipsis 19:7, 8). Ang maluwalhating karanasan na ito ay samakatuwid tinawag na “Cristianong kasakdalan”, sapagkat ito’y natatamo sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang biyaya ng kasakdalan sa gayon ay lumuluwalhati sa Dios, hindi sa tao.

Mahalaga na maunawaan na ang Cristianong kasakdalan ay hindi kaparehas ng lubos na kasakdalan: sapagkat ang Dios lamang ang lubusang sakdal (Exodo 9:14; 1 Samuel 2:2; 1 Mga Cronica 17:20; Job 11:7; Marcos 10:18). Kaya ang Cristianong kasakdalan ay tinukoy at pinaliwanag sa Kasulatan sa etikal na mga paraan, kaysa sa legal na mga paraan; ibig sabihin, ang Cristianong kasakdalan ay isang estado ng biyaya na natatamo sa pamamagitan ng isang sakdal na relasyon sa Dios. Sa gayon, ito ay nakaugat at sumisibol mula sa “sakdal na pagibig” (Mateo 5:44-48; 1 Mga Taga Corinto 13:1-13; 1 Juan 2:5; 4:12, 17). Sa katunayan, ang pagibig ay ang “tali ng kasakdalan” (Mga Taga Colosas 3:14). Ang Cristianong kasakdalan sa gayon ay mahalagang nakabatay sa pagibig at nakaukit sa puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo (1 Mga

Cronica 28:9; 2 Mga Cronica 15:17; 16:9; 19:9; Mga Taga Roma 5:5; Mga Hebreo 10:22). Alinsunod dito, ang isang mananampalataya ay maaring magkamali sa mental na paghusga, maging makakalimutin, masakitin o pisikal na maghirap, magkaroon ng mga sandaling pagkadalamanhati at pagkabalisa, at iba pa, gayon man hindi siya mapapatawan ng kasalanan o kusang paghihimagsik o pagsuway laban sa kalooban at batas ng Dios (Mga Taga Roma 8:33; Mga Taga Efeso 4:26; Mga Hebreo 10:26). Ang mga kondisyong pantao sa gayon ay hindi nangangailangan na maging pampalubag laban sa sakdal na relasyon ng isang banal sa Dios at sa kaniyang kapwa tao.

Higit pa rito, mayroong paglago sa pagpapakabanal at sa pagpapakasakdal tungo sa mas maluwalhating estado ng kasakdalan kay Cristo. Samakatuwid, ang banal ay nagbabago kailanman ng mas higit na kasakdalan sa pamamagitan ng Espiritu Santo tungo sa larawan ni Cristo “sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian” (2 Mga Taga Corinto 3:18). Ang mga napaging banal na mga mananampalataya ay pinapahalahanan na ipagpatuloy na “pakasakdalin ang kabanalan sa takot sa Dios” (2 Mga Taga Corinto 7:1). Ang Mabuting Balita ay “nalalaman natin, na kung siya’y mahayag, tayo’y magiging katulad niya” (1 Juan 3:2; Mga Taga Efeso 5:27).

Katiyagaan --- Ipinapakita ng katiyagaan ang biyaya na ipinagkaloob sa isang mananampalataya na mamuhay sa pagsunod sa Evangelio ni Jesucristo sa kabila ng anumang pag-uusig o paghihirap na maaaring sumubok sa kaniyang Cristianong pananampalataya (2 Timoteo 2:3-4). Bagamat ang salitang “katiyagaan” ay isang beses lamang ginamit sa ibang salin ng Bibliya (halimbawa sa Mga Taga Efeso 6:18 sa King James Version), maraming mga ibang salita na malapit na kaugnay dito, tulad ng pagpapanatili (Juan 15:4-5, 7-9), pagtitiis (Mateo 10:22), pagpapatuloy (Juan 8:31-32), pagkamatatag (Mga Hebreo 3:14, 1 Pedro 5:8-9; 2 Pedro 3:17), pagpapasensya (Lucas 21:19), pagtatagumpay (Apocalipsis 2:7, 11, 17, 26; 3:5, 12, 21; 21:7). Sa bawat nabanggit na mga ito, ang mga salita ay maliwanag na nagpapakahulugan ng isang laban ng pananampalataya para sa mga tagapagsunod ni Cristo. Samakatuwid, ang katiyagaan ay hindi gawa ng Dios para sa mananampalataya, subalit ang aksyon ng mananampalataya bilang tugon sa utos ni Cristo na ipagpatuloy ang Kaniyang salita at biyaya.

Sa pagsasaalang-alang ng katiyagaan, dalawang katanungan ang agad lumilitaw: 1) Ano ang tungkulin ng Dios? 2) Ano ang tungkulin ng tao? Sinasabi sa Mga Taga Filipos 2:13 na ang Dios ay kumikilos sa ating kalooban at sa paggawa ayon sa kaniyang mabuting kaluguran. Subalit paanong ang gawang ito ay nagtatagumpay sa atin? Ito ay sa

pamamagitan ng Kaniyang biyaya. Ipinakita ni Pablo na sa pamamagitan ng biyaya, nagsisimula ang paglakad natin na kasama Siya (Mga Taga Efeso 2:8-9), at sa ibang lugar, ang parehas na biyayang ito ang nagtuturo sa atin upang, “pagtangi natin sa kalikuan at sa mga kahalayan ng sanglibutan, ay marapat mabuhay tayong may pagpipigil at matuwid at banal sa panahong kasalukuyang ng sanglibutang ito,” at “hintayin yaong mapalad na pagasa at ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Dios at Tagapagligtas na si Jesucristo” (Tito 2:11-13). Bukod rito, nagagawa ng biyaya ng Dios na tayo’y manatiling walang kapintasan na may kagalakan (Judas 24). Gayunman, mahalaga na maunawaan na kinakailangan tumugon ang tao sa pananampalataya at tanggapin ang biyaya na ibinigay Niya para sa tao (Mga Taga Roma 10:9-10). Sa krisis na sandali ng pagbabago ng pananampalataya na ang tao ay nagsisimulang lumakad sa Dios; subalit kasabay ng pagpanumbalik ng tao sa Dios para sa biyayang may kaligtasan, kinakailangan niya na hanapin Siya para sa patuloy na biyaya (Mateo 7:7-11, 21-27; Lucas 8:15; 11:28; Juan 14:15, 23; Judas 24). Ang katiyagaan ng tao ay nakadepende sa kaniyang patuloy na pagnanais na lumakad kasama ang Panginoon (Juan 8:31; Mga Taga Colosas 1:23; Judas 21). Ito ay nailalarawan ng mas mabuti sa orihinal na Bagong Tipan na salita na sozo, na nangangahulugan na “upang iligtas”. Ang salitang ito ay maaring ipahayag sa tatlong panahunan: “Ako ay ligtas na”, “Ako ay nililigtas”, “Ako ay ililigtas”. Samakatuwid, nakahanda dapat ang tao na ipagpatuloy ang “pagpasok” sa kaharian ng Dios, at magtiyaga anuman ang maging kapalit upang maligtas sa wakas (Lucas 9:23; 16:16).

Ang utos na magtiyaga---magtiis, manatili—kay Cristo ay nagdadala ng walang hanggang mga konsikuwensya. Ang pagmana ng walang hanggang buhay ay nakabatay sa desisyon ng Cristiano na patuloy na hanapin ang biyaya ng Dios at lumakad sa pagsunod sa Kaniyang Salita. Tayo ay dapat “magkusa at mangagmasunurin” (Isaias 1:19) at “magnasang mabuhay na marangal sa lahat ng mga bagay” (Mga Hebreo 13:18). Ayon sa apostol na si Juan, kapag ang isang indibidwal ay hindi nananahan sa aral ni Cristo, siya ay hindi kinaroroonan ng Dios, at ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Dios ay hindi kinaroroonan ng buhay (2 Juan 9; 1 Juan 5:12; samakatuwid ang hatol sa mga hindi natitiyaga ay walang hanggang pagsumpa at pagkahiwalay mula sa Dios (Mateo 25:41-46; Mga Hebreo 10:26-27).

Mga Praktikal na Biyaya

Pagsasauli (Restitution) ay ang akto ng pagbabalik ng isang bagay na kinuha ng di tama o pagbibigay pawl sa isang tao na nagawan ng pagkakamali (Mateo 3:8; Lucas 19:8, 9). Ang gawaing ito ay hindi ikaliligtas ng isang tao, bagkus ito’y nagpapakita ng katunayan ng isang puso na tunay na nagsisi. Ang pagsasauli ay lumuluwalhati sa biyaya ng Dios at sumusuporta sa patotoo ng mananampalataya. Ito rin ay nagbibigay ng pagkakataon upang makipagsundo sa mga taong nagawan ng pagkakamali. Ito’y kaganapan ng kautusan ng pagibig (Mga Taga Roma 13:8). Ang ilan sa mga pagsasauli ay kailangan gawin ng may dakilang pag-iingat at may gabay ng pastor, nang sa ganoon ay maiwasan ang karagdagang pagkakasala o pinsala.

Sabbath ay nangangahulugan ng pahinga. Ang pagtalima sa Sabbath sa Lumang Tipan (ikapitong araw) ay naitatag upang tumukoy sa espiritwal na kapahingahan ng mananampalataya kay Cristo sa ilalim ng Bagong Tipan. Ang pagtalima sa Lumang Tipan na gawing banal ang araw ng Sabbath ay napalitan ng tagubilin na “Magpakabanal kayo”, sapagkat kay Cristo ang mananampalataya ay maari at kinakailangang mamuhay na banal araw-araw. Ang Linggo ay hindi ang Sabbath, gayunman ito ang araw na inilaan ng iglesia upang magbigay ng espesyal na atensyon sa pagpupuri sa Dios at sa pagkakaisa ng mga banal (Hosea 2:11; Mga Taga Colosas 2:16, 17; Mga Taga Roma 14:5, 6; Mga Hebreo 4:1-11).

Mga Karne at Inumin---Ang pagbabawal sa ilang mga karne at mga inumin sa Lumang Tipan ay di na nagpatuloy sa iglesia ng Bagong Tipan. Ang mga seremonyal na aspeto sa batas ni Moses ay “ipinako sa krus” ni Cristo at naglaho sa panahon ng biyaya (Mga Taga Colosas 2:13-17; Mga Taga Efeso 2:15; Sa Mga Hebreo 9:8-11). Kung ano kinakain at iniinom ng isang tao (maliban sa mga nakakalasing na inumin) ay isa na ngayong bagay na nasa budhi, at hindi lumalabag sa kalikasan at mga panuntunan ng kaharian ng Dios (Mga Taga Roma 14:17). Gayunpaman, kinakailangan isa-isip ang utos ng Kasulatan: “...gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Dios” (tignan din sa Mga Taga Roma 14:2; 1 Mga Taga Corinto 8:8; 1 Timoteo 4:1-5).

Pagiikapu at Pagbibigay - Ang pagiikapu ay ang pagbibigay ng ikasampung bahagi ng lahat na kinita ng isang tao para kay Cristo, ang ating pinakamataas na Saserdote. Ito ay nagsimula bilang isang kusang loob na paggawa ni Abraham, ginawang kinakailangan sa ilalim ng batas ni Moses at pinagpatuloy ni Cristo bilang isang disiplina para sa iglesia sa Bagong Tipan (Mateo 23:23). Ang mga ikapu ay dinadala sa bahay ng

Dios at maayos na ipinapamahagi ng mga ministro bilang mga natalaga sa pananalapi (Malakias 3:10). Ang mga kusang loob na handog ay hinihikayat at itinuturing bilang handog na mula sa puso. Ang pagiikapu at pagbibigay sa iglesia ay bahagi ng plano ng Dios upang tustusan ang mga pangangailangang pinansiyal para sa Kanyang trabaho sa pamamagitan ng iglesia sa lupa. Sa Kasulatan, tayo ay kinakailangang maging mabuting katiwala ng mga bagay na ipinagkatiwala ng Dios sa ating pangangalaga (Tignan din sa Genesis 14: 18-20; Lucas 11:42; 1 Mga Taga Corinto 16:2; 2 Mga Taga Corinto 9:6-9; Sa Mga Hebreo 7:1-21).

Panunumpa at Paglapastangan - Ang panunumpa ay taliwas sa diwa ng Bagong Tipan. “Nguni’t higit sa lahat ng mga bagay, mga kapatid ko, ay huwag ninyong ipanumpa, kahit ang langit, ni ang lupa, ni ang anomang ibang sumpa: kundi ang iyong oo, ay maging oo; at ang inyong hindi, ay maging hindi; upang kayo’y huwag mangahulog sa ilalim ng hatol” (Santiago 5:12). Sinabi ni Jesus, “Datapuwa’t sinasabi ko sa inyo, Huwag ninyong ipanumpa ang anoman... Datapuwa’t ang maging pananalita ninyo Oo, oo; Hindi, hindi; sapagka’t ang humigit pa rito ay buhat sa masama” (Mateo 5:34, 37; tignan din sa Exodo 20:7). Ang pagpapatibay ng katotohanan ay sapat na; ito ay tinatanggap maging sa mga secular na korte. Katulad din nito, ang paglapastangan ay nagsasalamin ng maruming puso at walang lugar sa buhay ng anak ng Dios (Mateo 15:18, 19; Mga Taga Filipos 1:27; 3:20; 1 Pedro 1:15; 2 Pedro 2:7; Santiago 3:8-10).

Mga Nakalalasing na Inumin at Mga Droga “Ang alak ay manunuya, ang matapang na alak ay manggugulo; at sinomang napaliligaw sa kanya ay hindi pantas” (Mga Kawikaan 20:1). Ang Kasulatan ay nagtuturo laban sa pagkonsumo ng alak o ng iba pang nakalalasing na inumin dahil tinawag tayo ng Dios na maging sakdal sa pagtitimpi (1 Pedro 5:8; 1 Mga Taga Tesalonica 5:6; Timoteo 3:2; Tito 2:2). Pinapalalahanan ng mga mananampalataya na huwag “...bigyan daan man ang diablo”. Ang mga tinatawag na pag-inom ng katamtaman o pakikipag-sosyal na inuman ay tunay na nagbibigay ng daan sa kaaway kaya’t ang mga mananampalataya ay kailangan lubusang iwasan ang mga ito (Mga Taga Efeso 4:27; at tignan sa Isaias 28:7; 1 Mga Taga Corinto 5:11; 6:10; Mga Taga Galacia 5:21). Tulad ng rami ng sinasabi patungkol sa mga nakalalasing na inumin ay gayundin ang katotohanan sa mga droga. Ang paggamit ng mga droga tulad ng tabako, marijuana, opium, cocaine, at iba pa ay nagpapahina sa katawan at hindi ayon sa mga katuruan at mga alituntunin ni Cristo at ng Kasulatan. Ang mga bagay na ito ay

dumudungis sa katawan at hindi alinsunod sa tawag ng Dios para sa katinuan (2 Mga Taga Corinto 7:1; Isaias 55:2; 1 Mga Taga Corinto 10:31, 32; Mga Taga Efeso 5:3-8; Santiago 1:21). Ang mga droga na ginagamit para sa mga medikal na kadahilanan ay kinakailangan lamang tanggapin sa ilalim ng pangangalaga at gabay ng isang manggagamot, at ayon sa mabuting budhi o konsensya.

Pagsusugal (“Paglalaro”) – Dahil sa pagdami ng mga loterya at ibang mga anyo ng pagsusugal, nararamdaman namin na kinakailangan maging maliwanag na ang Zion Assembly Church of God ay sumasalungat sa pagsusugal sa anumang anyo. Ang pagsusugal ay nagdadala ng negatibong epekto sa lipunan at ito’y imoral (Exodo 20:17; 1 Timoteo 6:9, 10). Ang kasalanang ito ay nauugnay sa pag-aaksaya ng oras, salapi, at mga ari-arian. Ito rin ay nagdadala ng dumi ng kasakiman at pagiimbot (tignan sa Exodo 20:17; Mga Awit 10:3; 1 Mga Taga Corinto 6:9, 10; Mga Taga Efeso 5:5; 1 Timoteo 6:9, 10; Mga Hebreo 13:5). Ang pagsusugal sa anumang klase (mga loterya, mga sugalan, pagpupusta sa sports, video poker, (slot) machines, on-line gambling, bingo, at iba pa) ay tinutuligsa sa prinsipyo sa buong Kasulatan. Ito rin ay nakakahumaling, na naghahatid sa dumaraming krimen, at minsan ay sumisira sa mga kasal at mga tahanan.

Hindi Parehong Pakikipamatok - Itinuturo ng Biblia ang laban sa mga anak ng Dios na makipamatok sa mga di mananampalataya. Ang pakikipagpisan ng ating mga sarili sa mga di mananampalataya sa mga organisasyon at mga lihim na patakaran na may kasamang panunumpa ay taliwas sa Espiritu ni Cristo at sa malinaw na katuruan ng Kasulatan (1 Mga Taga Corinto 6:14-17). Bilang kinalinga na pakakasalan ni Cristo, ipinagkatipan natin ang ating mga sarili na magbigay ng buong katapatan kay Cristo. “Sapagka’t akoy naninibugho tungkol sa inyo ng panibughong ukol sa sa Dios: sapagka’t kayo’y aking pinapagasawa sa isa, upang kayo’y maiharap ko kay Cristo na tulad sa dalagang malinis” (2 Mga Taga Corinto 11:2; Jeremias 50:5). Ang pakikisapi sa mga organisasyon na nangangailangan ng lihim na panunumpa ay kailangan lusawin bago maging miyembro ng iglesia. “Sinagot siya ni Jesus, ako’y hayag na nagsalita sa sanglibutan; ako’y laging nagtuturo sa mga sinagoga, at sa templo, sa siyang pinagkakatiwalaan ng lahat ng mga Judio; at wala akong sinalita sa lihim”(Juan 18:20).

Bautismo sa Espiritu at Espiritwal na mga Kaloob

Bautismo sa Espiritu Santo ay biglaang karanasan na nagaganap sa buhay ng mananampalataya kasunod sa pagiging banal. Sa bautismong ito, si Cristo ang kinatawan, at ang Espiritu ang elemento (Mateo 3:11). Ang bautismo sa Espiritu sa buhay na naging banal ay naghahatid ng pagsasalita ng mga iba't ibang wika: "At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimula magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa pinagkaloob ng Espiritu na kanilang salitain" (Mga Gawa 2:2-4; tignan din sa 10:44-47; 19:1-6). Ang bautismo sa Espiritu ay bautismong nagbibigay kapangyarihan na espirtuwal para sa paglilingkod sa kaharian ng Dios (Lucas 24:49; Juan 15:26; Mga Gawa 1:8); ito rin ay nagbibigay kakayanan sa isang tao din para sa mabisang pagmiministro sa loob ng iglesia para sa ikakatibay ng katawan (1 Mga Taga Corinto 12:12-28; Mga Taga Efeso 4:11-16).

Pagsasalita ng iba't ibang Wika ay palaging kasama ng bautismo ng Espiritu Santo. Ang mananampalataya ay nagsasalita ng "iba't ibang wika" ayon sa "ipinagkakaloob ng Espiritu na kanilang salitain" (Mga Gawa 2:4). Ang "nagsasalita ng wika (unknown tongues)" ay kaiba mula sa nagsasalita sa pamamagitan ng kaloob ng Espiritu sa mga "iba't ibang wika," na mga salita na nalalaman ng tao (Mga Gawa 2:6; 1 Mga Taga Corinto 12:10; 14:2). Sa parehas na kaso ("nagsasalita ng wika (unknown tongues)" o nagsasalita ng mga wikang alam ng tao), ang kapahayagan ng mga salita (at mga interpretasyon) ay lagi alinsunod sa Salita ng Dios (1 Mga Taga Corinto 14:26). Ang pagsasalita ng iba't ibang wika bilang kaloob ay pinaka tanda sa mga hindi nagsisisampalataya (1 Mga Taga Corinto 14:21-23), ngunit ito rin ay nasisilbi para sa ikakatibay ng mga sarili ng mga mananampalataya (1 Mga Taga Corinto 14:4).

Mga Kaloob ng Espiritu - Ito'y mga sari't saring handog at mga pagkilos ng Espiritu Santo (1 Mga Taga Corinto 12:4-11). Ang mga kaloob ng Espiritu ay kumikilos sa iglesia sa Bagong Tipan, subali't pagkaraan ng ang iglesia ay magsimulang "humiwalay sa

Dios" ang manipestasyon ng mga kaloob ng Espiritu ay nagsimulang manghina. Pagkatapos ng apostasiya sa ika-apat na siglo, at ng kasunod na "madilim na kapanahunan" ng kasaysayan ng Kristiyanong, ang pagkilos ng mga espirtuwal na handog (partikular na ang pagsasalita ng mga iba't ibang wika) ay halos hindi na makita (madalang na nagaganap na lamang sa mga tinatawag na mga Cristianong heretika at unorthodox). Sa mga huling araw na ito (partikular mula simula ng ikadalawangpung siglo) ang Dios ay muling binubuhos ang Kaniyang Espiritu "sa lahat ng laman" na naaayon sa hula upang matupad ang walang hanggang layunin Niya sa iglesia (Joel 2:28-32; 3:16-18; Mga Gawa 2:38, 39).

Mga Tanda na Lumalakip sa mga Mananampalataya - Ang mga tanda sa Bagong Tipan ay para sa pangunahing layunin na patotohanan ang Salita ng Dios at si Jesucristo bilang Mesias. Habang ang mga mananampalataya ay humahayo na ipinapangaral ang Salita sa ngalan ni Jesus, ang Panginoon ay kumikilos sa kanila at pinatotohanan ang Salita sa pamamagitan ng mga tanda na lumalakip (Marcos 16:15-20). Ang mga mapaghimalang mga tanda ay lumalakip sa mga mananampalataya upang sa ganun ay mapatunayan ang kapahayagan ng Salita ng Dios, upang hikayatin ang mga makasalanang at pagtibayin ang katawan ni Cristo (1 Mga Taga Corinto 12-14).

Mga Ordinansa

Bautismo sa Tubig ay ang akto ng paglublub sa tubig sa pamamagitan ng ministro ng Evangelio sa pangalan ng Ama, ng Anak at ng Espiritu Santo. Ito ay ini-utos ni Cristo, at kumakatawan sa Kaniyang kamatayan, pagkalibing at pagkabuhay na muli, na mga nararanasan sa buhay ng mananampalataya (Mga Taga Roma 6:3-5). Ang ordinansang ito ay walang kapangyarihan na mag-alis ng kasalanan, bagkus ito'y ang paghiling ng mabuting budhi sa Dios (1 Pedro 3:21). Ang bautismo sa tubig ay maari lamang kapag ang tatanggap ng bautismo ay tunay na naipanganak na muli (Mateo 28:19; Marcos 1:8-10; 16:15, 16; Juan 3:22, 23; Mga Gawa 10:47, 48; 16:33). Ang bautismo sa tubig ay panlabas

na tanda sa pagbabagong-buhay; ito’y hindi ang pintuan sa pagpasok sa iglesia.

Huling Hapunan ay memoryal na pagkain, na tawag ng pagaalala sa sakripisiyo ni Cristo, na nagbuhos ng Kaniyang dugo para sa ating mga kasalanan. Inutos ni Jesus na ang sagradong pagkain na ito ay gawin “sa paggaalala sa akin” (1 Mga Taga Corinto 11:24). Ang putol at walang lebadura na tinapay ay kumakatawan ng Kaniyang katawan; ang bunga ng ubas (hindi pina-asim na katas ng ubas) ay kumakatawan sa Kaniyang dugo. Ang banal na ordinansang ito ay kailangang gawin na may banal na paggalang, pagkatapos ng maingat na pagsiyasat sa sarili (1 Mga Taga Corinto 10:16, 17; 11:23-30). Ito ay ang panlabas na tanda sa pakikipagtipan ni Cristo sa iglesia (Lucas 22:20).

Paghuhugas ng Paa ay isang ordinansa sa iglesia. Kasunod ng pagpapatibay ng Huling Hapunan, binigkis ni Cristo ang sarili ng isang tuwalya at hinugasan niya ang mga paa ng mga alagad at sinabi, “Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa’t isa” (Juan 13:14). Ang ordinansang ito ay iba mula sa nakasanayang kultura ng paghuhugas ng mga paa sa Gitnang Silangan; ito’y may espiritwal na kahalagahan at ipinagutos na gawin ng mga mananampalataya (1 Timoteo 5:10). Ang layunin ng paghuhugas ng mga paa ay hindi katuparan ng kawanggawa at mga mabubuting gawa. Ito’y upang magpaalala sa atin na tayo ay may iisang Guro at Panginoon, na ulo ng iglesia, at tayo ay Kaniyang lingkod, at mga lingkod ng bawat isa.

Mga Banal na Kasagraduhan

Kasagraduhan ng Buhay - Ang buhay ng tao ay sagrado sapagka’t ito’y nilikha sa wangis ng Dios (Genesis 1:27). Ang pagkitil ng inosenteng buhay ay mahigpit na pinagbabawal ng Kasulatan, kasama ang pagpapalaglag, pagpatay ng sanggol, pagpatay dahil sa awa, pagpatay ng lahi, at pagpapatiwakal (pagpatay sa sarili). “Huwag kang papatay” (Exodo 20:13). Ang magbubo ng inosenteng dugo ay hindi mapawalang sala sa harapan

ng Dios (Genesis 9:6; Mga Bilang 35:30,31; Mga Taga Roma 13:8-10; Apocalipsis 21:8).

Kasagraduhan ng Kasal - Sabi ni Jesus, “Hindi бага ninyo nabasa, na ang lumalang sa kanila buhat sa pasimula, ay sila’y nilalang niya na lalake at babae. At sinabi, dahil dito’y iwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; at ang dalawa ay magiging isang laman? Kaya nga hindi na sila dalawa, kundi isang laman. Ang pinapagsama nga ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao” (Mateo 19:4-6). Alinsunod dito, ang kasal ay sa pagitan ng isang lalake at babae hanggang kamatayan (Marcos 10:2-12; Mga Taga Roma 7:2); sa katunayan, ito ay isang banal na samahan na kailangan ilagay sa pinakamataas na pagpapahalaga sa lahat ng lalake at babae (Mga Hebreo 13:4). Ang pakikiapid, pakikipagtalik na di kasal, paghihiwalay at pakikipag-asawa muli ay mga makasalanan gawi na lumalabag sa mga batas ng Dios, at sumisira sa tahanan at pamilya. Gayunpaman, ang pagiging hindi tapat (sekswal na relasyon sa labas ng kasal) ay hindi kadahilanan upang maghiwalay at makipag-asawa muli, sapagkat “ang magasawa sa babaing yaon na hiniwalayan ay nagkakasala ng pangangalunya” (Mateo 19:9). Samakatuwid, ang mga nagsipagasawa muli habang ang una nilang kasama ay buhay pa ay hindi maaaring maging miyembro ng iglesia (tignan sa Exodo 20:14, 17; Malakias 2:14-17; Mateo 5:32; 1 Mga Taga Corinto 5:1-5; 6:15-20; 7:2, 3).

Kasagraduhan ng Katawan - Ang katawan natin ay templo ng Espiritu Santo, at pinapahalahanan tayo na luwalhatihin ang Dios sa ating katawan (1 Mga Taga Corinto 6:20). “Kung gibain ng sinoman ang templo ng Dios, siya’y igigiba ng Dios” (1 Mga Taga Corinto 3:16-17). Pinaalalahanan din tayo na iharap ang ating katawan na “haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios” (Mga Taga Roma 12:1), at “...anoman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Dios” (1 Mga Taga Corinto 10:31b). Ang pakikipagtalik sa kamag-anak, pakikipagrelasyon sa parehas na kasarian, at lahat ng homosekswal na relasyon ay mahigpit na ipinagbabawal ng Kasulatan. Ang mga gawing ito ay kasuklam-suklam sa Dios, bagamat sila’y pinahintulutan ng isang estado o ng isang relihiyosong institusyon (Mga Taga Roma 1:24-28; Levitico 18:22, 23; 20:10-21). Ang mga gawi tulad ng “body piercing”

paglalagay ng mga tattoo, pagluray at pagretoke sa katawan ay mga nagmula sa pagano at salungat sa espiritu ng kabanalan at mga prinsipyo sa Biblia. Ang mga gawing ito ay dapat walang lugar sa buhay ng mga mananampalataya. (Cf: 1 Timoteo 2:8-10; Mga Taga Roma 12:1, 2; Isaias 3: 16-22; 1 Juan 2:15-17).

Mga Aral sa Hinaharap (Eschatology)

Ang Rapture at Pangalawang Pagparito ni Jesus Bago ang Bagong Milenyo - Si Cristo ay muling paparito mula sa mga alapaap sa kalangitan na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian (Mateo 24:27, 28). “Ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli, kung magkagayon, tayong nabubuhay, na nangatitira, ay aagawin kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ng Panginoon sa hangin: at sa ganito’y sasa Panginoon tayo magpakailan man” (1 Mga Taga Tesalonica 4:16-18; tignan din sa 1 Mga Taga Corinto 15:51, 52). Lahat ng aagawin sa unang pagkabuhay na maguli (“ang pagaagaw”) ay kasalo sa pagkakasal ng Cordero (Apocalipsis 19:7-9). At pagkatapos babalik si Cristo sa lupa at maghahari na kasama ng mga banal sa loob ng sanglibong taon (Apocalipsis 19:4, 6; tignan din sa Zacarias 14:4, 5; 1 Mga Taga Tesalonica 4:14; Judas 14, 15; Apocalipsis 5:10; 19:11-21).

Pagkabuhay na Maguli - Mayroong pagkabuhay na maguli sa mga matuwid at mga masama. Ang mga matuwid ay babangon sa unang pagpapakita ni Cristo sa mga alapaap ng kaluwalhatian. Ang pagkabuhay muli ng di matuwid ay mangyayari lamang pagkatapos ng sanglibong taon ng paghahari ni Cristo sa lupa. “Na may pagasa sa Dios, na siya rin naming hinihintay nila, na magkaroon ng pagkabuhay na maguli ng mga ganap at gayon din ng mga di ganap” (Mga Gawa 24:15; tignan din sa Daniel 12:2; Apocalipsis 20:4-6; Juan 5:28, 29; 1 Mga Taga Corinto 15:12-23, 41-58).

Buhay na Walang Hanggan para sa Matuwid - Ang gantimpala ng matuwid ay buhay na walang hanggan sa piling ng Dios. “At ang mga ito’y mangagpaparoon sa walang hanggang kaparusahan: datapuwa’t ang mga matuwid ay sa walang hanggang buhay”

(Mateo 25:46; Lucas 18:29, 30; Juan 10:28; Mga Taga Roma 6:22; 1 Juan 5:11-13).

Walang Hanggang Kaparusahan para sa mga Di Matuwid - Sa mga tumanggi o nagwalang bahala sa tawag ng pagsisisi at kaligtasan ay nahatulan na ng walang hanggang kaparusahan (Juan 3: 15-21). Sa impiyerno ay walang makakatakas, walang kalayaan, walang kapuksahan. Ang impiyerno ay “ikalawang kamatayan,” at lugar ng walang hanggang pagdurusa. “Nguni’t sa mga duwag at sa mga hindi mananampalataya, at sa mga kasuklamsuklam, at sa mga mamamatay-tao, at sa mga mapakiapid, at sa mga manggagaway, at sa mga mapagsamba sa diosdiosan, at sa lahat ng mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa dagatdagatang nagniningas sa apoy at asupre; na siyang ikalawang kamatayan” (Apocalipsis 21:8; tignan din sa 20:10-15; 2 Mga Taga Tesalonica 1:7-10; Judas 14,15; Mateo 25:46; Marcos 3:29).

Anticristo – Ang anticristo ay nagpapahiwatig ng “laban kay Cristo” o “bilang kapalit ni Cristo,” o kombinasyon ng dalawang kahulugan. Ang anticristo ay siyang sumasalungat kay Cristo o ipinapalagay ang sarili na may kaukulang karapatan bilang Cristo na ating Panginoon at Tagapagligtas.

Samantalang si apostol Juan lamang ang gumamit ng salitang anticristo, si apostol Pablo ay tila nagsasalita ng kaparehas na espiritu at tuntunin nang siya ay tumutukoy sa “hiwaga ng kasamaan” at “tampalasan” sa 2 Mga Taga Tesalonica 2:3, 8. Tinukoy ni Juan ang mga “bulaang propeta” at “manlilinlang” bilang mga anticristo (1 Juan 1-3; 2:18; 2 Juan 7). Si propeta Daniel ay tumutukoy din sa ganitong parehong espiritu sa kaniyang propesiya patungkol sa “hayop” sa Daniel 7, na umaayon rin sa pangitain ni Juan patungkol sa “hayop” sa Apocalipsis 11; 13; 17; 19.

Maari natin ipagpalagay na ang espiritu ng anticristo ay nagpapahiwatig ng mapanlinlang at mapangtukso na espiritu sa sanglibutan na hinahanap ang pagkalito ng totoong pagkakakilanlan ni Cristo at gawing tiwali ang Kaniyang Evangelio. Ang anticristo ay nagaanyo sa maraming relihiyoso, sosyal at pulitikal na mga anyo, subalit iisa lamang ang kanilang adhikain---ito ay para ikompromiso at sirain ang tunay na katuruan ng kaligtasaan kay Jesucristo sa pamamagitan ng maling mga

doktrina at ng mga nagkukunwaring Cristo (Mateo 24:4, 5, 11, 23, 24).

Ang propesiya ay naghuhula na isang partikular na tao sa pinaka huling mga araw ay susulpot na siyang magdadala at magbibigay ng katauhan sa espiritu ng anticristo sa mundo. Ang taong ito ay nailarawan sa iba't ibang paraan bilang “tampalasan” (2 Mga Taga Tesalonica 2:3, 8) at “hayop” (Daniel 7:10, 11, 25; Apocalipsis 13:1). Si Jesus ay tumutukoy sa ganitong espiritu ng paglilinlang at katampalasang espiritu sa Mateo 24:5, 24 at Juan 5:43. Ang pag-aalala natin sa iglesia, gayunman, ay hindi sa pagdating ng partikular na Tampalasan---“ang hayop”---subalit ang espiritu ng anticristo na umiiral na ngayon sa sanglibutan: na tila ang hinuhulang Tampalasan ay hindi tuluyang maihahayag hangga't matapos ang rapture o pag-agaw mula sa alapaap sa iglesia (2 Mga Taga Tesalonica 2:7, 8). Hangga't sa yaon, ang Espiritu ng Dios at ang iglesia ay pipigil at sasansala sa pagbangon ng kaniyang kapangyarihan at lubusang kapahayagan.

Ang iglesia ng Dios ay nakasandal mula sa kapahayagan---ang “bato”---na si Jesucristo ay ang Anak ng buhay na Dios (Mateo 16:13-18), at siya'y nagkatawang tao sa birheng Maria, namatay sa ating mga kasalanan, muling nabuhay sa ikatlong araw upang ang tao ay matubos ang maibalik sa pakikisama sa Dios nating Ama (Mga Taga Roma 5:6-10). Ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa mga mananampalataya, na nagbibigay kakayanan sa kanila na mamuhay sa kanilang buhay na umaayon sa batas ng Dios (Mga Taga Roma 8:1-7); samantalang ang espiritu ng anticristo ay sumasalungat sa katotohanan ng Dios na naihayag sa Banal na Kasulatan, na nagbibigay ng mga pamalit sa nagliligtas na biyaya ni Cristo. Ang maka-diablong impluwensya ng anticristo ay matatagpuan sa buong mundo, na lumalaban sa tunay na Evangelio at pinapalitan ito ng mga sangkatutak ng maling mga ebanghelyo (Mga Taga Galacia 1:1-9; 2 Mga Taga Corinto 11:3, 4). Ito'y mga “kasinungalingang espiritu” na inilagay upang maglinlang at sumira ng mga mahahalagang kaluluwa (2 Mga Taga Tesalonica 2:9; Apocalipsis 13:13, 14). Ipinangaral ni Juan na “subukin ang mga espiritu”---suriin ang mga ito, patunayan ang mga ito---laban sa katotohanan ni Cristo at sa Kaniyang mga katuruan na nahayag sa Kasulatan (1 Juan 4:1-3). Ang espiritu ng anticristo, na binigyang katauhan ng Tampalasan, ay tuluyang

masisira sa liwanag ng pangalawang pagbabalik ni Cristo at ng kapangyarihan ng Kaniyang Salita (2 Mga Taga Tesalonica 2:8). Samantala ang mga banal ay binigyan ng kapangyarihan na labanan at daigin ang espiritu ng anticristo sa sanglibutan sa pamamagitan ng pananampalataya, ng Salita ng Dios, at ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Mga Alituntunin para sa Praktikal na Cristianong Pamumuhay at Disiplina

Ang mga kasunod na patnubay ay maliwanag na naipahayag sa Kasulatan, o naipakita na alinsunod sa katuruan ng Bibliya. Sila'y dinala sa ating atensyon upang magpalakas ng ating relasyon kay Cristo at sa bawa't isa, at maghikayat sa atin na mamuhay sa paraan na nagbibigay ng kaluwalhatian at karangalan sa pangalan ni Cristo, at magtaguyod ng patotoo ng iglesia. Tayo'y pinahalalahanan ng Kasulatan: “...ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagibig, sa pananampalataya, sa kalinisan” (1 Timoteo 4:12b). Ini-utos sa atin ni Jesus na: “Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit” (Mateo 5:16).

Panalangin – Ang pagpapaalala ni Jesus na “mangagpuyat at magsipanalangin” (Mateo 26:41) ay mas kailangan ngayon higit kaysa dati. Nabubuhay tayo sa mga “panahon na mapanganib,” at nagbabala si Cristo at ang mga apostoles na ang panahon ay lalong sasama sa paglapit natin sa pagbabalik ng Panginoon. Samakatuwid, ang araw-araw na panalangin at debusiyon ng pamilya ay kailangan na isang prayoridad sa bawat tahanan ng iglesia. Ang pagpapanatili ng pagiging mapanalanginin ay susi tungo sa espiritwalidad ng bawat isa at ng lokal na kongregasyon. Muling sinabi ni Jesus, “...sila'y dapat magsipanalanging lagi, at

huwag manganglupaypay” (Lucas 18:1), at hinimok ng apostol ang mga mananampalataya na “magsipanalangin kayong walang patid” (1 Mga Taga Tesalonica 5:17). Tayo rin ay pinagtagubilinan na “...ipanalangin ng isa’t isa ang iba...” (Santiago 5:16a). Ang mga espesyal na mga panalangin ay kailangang gawin ng mga namumuno at ng mga nagsipagbigay ng kanilang mga sarili para sa gawain ng Dios at sa ministeryo ng Salita (1 Timoteo 2:1-3). Ang panalangin ay lubhang mahalaga sa buhay ng iglesia kaya’t ang iglesia ay tinawag na “bahay na panalanginan” (Isaias 56:7; Mateo 21:13).

Pag-aaral ng Bibliya - Ang pagbabasa at pag-aaral ng Kasulatan ay napakahalaga sa espirituwal na kabutihan ng anak ng Dios. Bawat miyembro ng iglesia ay hinihimok na maging tapat na mag-aaral ng banal na Salita ng Dios. Tinuruan tayo ni apostol Pablo na “Pagsikapin mong humarap na subok sa Dios, manggagawang walang anomang ikahihiya...” (2 Timoteo 2:15a) sapagka’t “ang mga banal na kasulatan na makapagpadunong sa iyo sa ikaliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus” (3:15). Dagdag rito, sinabi pa niya, “Ang lahat ng mga Kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran” (3:16). Ang kahalagahan ng Salita ng Dios ay buong husay na ipinahayag ng Mangaawit: “Ang salita mo’y ilawan sa aking mga paa, at ilawan sa aking landas”. Dagdag pa, “Ang salita mo’y aking iningatan sa aking puso: upang huwag akong magkasala laban sa iyo” (Mga Awit 119: 105, 11).

Pagdalo sa Iglesia at Pagpupuri - Ang pagpupuri at pagsasama-sama ng mga mananampalataya na tulad ng “mahalagang pananampalataya” ay mahalagang parte ng buhay Cristiano. Ang pagpupuri ay kailangan taos-puso sa Espiritu, at tumutugma sa Salita ng Dios (Juan 4:23b; Mga Taga Efeso 5:19) Ang bawat kasapi ng iglesia ay bahagi ng katawan ni Cristo, at samakatuwid ang katawan ay nahahadlangan sa antas ng paglago kapag ang isang miyembro ay hindi aktibong nakilahok sa buhay at misyon ng iglesia. Alinsunod dito, ang mga miyembro ay kailangan na aktibong suportahan ang bawat gawain ng iglesia, at makilahok hangga’t maari. Ang pangaral ng sumulat sa Mga Hebreo ay mahalaga upang bigyang atensyon: “At tayo’y mangagtinginan

upang tayo’y mangaudyok sa pagiibigan at mabubuting gawa. Na huwag nating pabayaan ang ating pagkakatiyon, na gaya ng ugali ng iba, kundi mangagaralan sa isa’t isa; at lalo na kung inyong namamalas na nalalapit na ang araw” (Mga Hebreo 10:25). Ang mga bata ay kailangan turuan sa loob ng tahanan, at turuan sa pamamagitan ng mga alituntunin at mga halimbawa upang icalang ang bahay ng Dios. Ang mga ministro at ang kanilang pamilya ay kailangan maging uliran sa kanilang pamumuhay at pananalita. “At kanilang ituturo sa aking bayan ang pagkakaiba ng banal at ng karaniwan, at ipapakilala nila sa kanila ang marumi at malinis” (Ezekiel 44:23). Ang pagiging mapanalanginin ay lumilikha ng kaaya-ayang atmospera para sa pagsamba at ministeryo ng Salita ng Dios. Ang mga mananampalataya sa gayon ay kailangang maging mapanalanginin habang ang ministro ay naghahatid ng mensahe, baka si Satanas ay dumating at nakawin ang Salita ng Dios mula sa kanilang puso (Marcos 4:4, 15). Ang pagibig ng Dios “ay nabubuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo” upang puspusin ang atmospera ng mga gawaing pagsamba natin. Ang pagibig ay kailangang mamahala sa bawat kilos natin at ipakita ng bawat isa na walang pagkukunwari (1 Mga Taga Corinto 13). Kailangan nating maghatid ng espesyal na pag-aalaga sa pagpapakita ng pag-ibig sa ating mga bisita. Sabi ni Jesus, “Sa mga ganito’y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo’y may pagibig sa isa’t isa” (Juan 13:35).

Paglalakad na may Pag-iingat - Ang mga anak ng Dios ay kailangan na “mangagingat ... kung papaano kayo lumalakad, huwag gaya ng mga mangmang, kundi gaya ng mga marurunong, Na inyong samantalain ang panahon, sapagka’t ang mga araw ay masasama” (Mga Taga Efeso 5:15, 16). Ang banal na pamumuhay ay dapat panatilihin sa loob at labas ng tahanan upang ang sinoman ay hindi magisip o magsabi na ikaw ay mapagkunwari. Ang pamamaraan ng buhay at pakikipag-usap natin ay kailangang banal sa salita at gawa bilang naging anak ng Dios. Bilang kinatawan ni Cristo sa sanglibutan, at bilang kasapi ng Iglesia ng Dios, kailangan tayong maging modelo ng kababaang loob at pagtitimpi (Mga Awit 1:1-3; Mga Taga Filipos 1:27; 1 Mga Taga Tesalonica 5:15-23).

Mga Libangan at mga Makamundong Atraksyon - Ang mga Cristiano ay kalian man ay di dapat makilahok sa mga makamundong atraksyon at mga libangan na kung saan ang mga alituntunin ng kabanalan ay nako-kompromiso. Ang mga mananampalataya ay maaari lamang makilahok sa mga gawain na kasama ang mga di mananapalataya kung mayroong maingat na pagpapasiya, baka mapulupot o mahulog sa mga bitag ni Satanas. “Kayo’y maging mapagpigil, kayo’y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, na gaya ng leong umuungal, ay gumagala na humahanap ng masisila niya” (1 Pedro 5:8; tignan din sa 2 Pedro 2:19-22).

Mga Ipinagbabawal na Relasyon - Pinalalahanan tayo ni apostol Pablo na “huwag bigyan daan man ang diablo” (Mga Taga Efeso 4:27). Ang masyadong malapit na pagkakaibigan sa magkaibang kasarian kahit na mga kapatid kay Cristo, ay lumilikha ng nakakatuksonag kapaligiran at nagbibigay pagkakataon para sa “panlilinlang ng diablo.” Isa si Samson na halimbawa sa ganitong kaso ng di matalinong asal, na nagdala sa kanya ng pagkahulog mula sa biyaya (Mga Hukom 16); di tulad ni Jose na matalinong umiwas sa gayun din na situwasyon. (Genesis 39). Malamang si Jose ang nasa isip ni Pablo nang siya’y nangaral, “magsitakas kayo sa pakikiapid” (1 Mga Taga Corinto 6:18). Ang mga salita ni Santiago na kinakapatid ng Panginoon, ay sumagi rin sa isip niya: “Kung magkagayo’y ang kahalayan, kung maipaglihi ay nanganganak ng kasalanan, at ang kasalanan, pag malaki na ay namumunga ng kamatayan” (Santiago 1:13-15). Sa pagtingin sa mga seryosong mga paalala na ito, matinding pagiingat ay kailangan upang maiwasan ang mga pakikisama at mga sitwasyon na mauwi sa tulad nito na magdadala ng kahihyan sa pangalan ni Cristo at sa iglesia.

Panlabas na Palamuti - Ang mga Cristiano ay mga ambador (mga kinatawan) ni Cristo dito sa mundong kasalukuyan (2 Mga Taga Corinto 5:20). Kaya kailangan silang maging maingat sa paggayak ng kanilang mga sarili na bumabagay sa kasimplehan at kadalisan ng Panginoon. Ang pagsusuot na nakabatay sa makamundong ayos gaya ng mga kolorete sa mukha, mga ginto, mga perlas, mga mamahalin kasuotan at iba pa ay salungat sa patotoo ng isang tao na namumuhay sa Dios. “Na huwag sa labas

ang kanilang paggayak na gaya ng pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng mga hiyas na ginto, o pagbibihis ng maringal na damit; Kundi ang pagkataong natatago sa puso na may damit na walang kasiraan ng espiritung maamo at payapa, na may malaking halaga sa paningin ng Dios” (1 Pedro 3:1-6; tignan din sa 1 Timoteo 2:8-10; Isaias 3:16-24; 61:10).

Disiplina sa Sarili at ng Samahan - Ang pagsasaliksik sa sarili upang sukatin ang sariling pananampalataya ay nakakabuti (1 Mga Taga Corinto 11:28). Ang totoong pagmamalaskit sa iba ay mainam din at hinihikayat. Tayo ang tagapagbantay sa ating kapatid. Ang pagpapayo ay kailangan gawin lamang batay sa espiritu ng pagibig at makadios na karunungan, at naaayon sa tuntunin ng disiplina na nakabalangkas sa evangelio (Mateo 18:15-20). (Ang marahas na espiritu sa pagpuna ay nakakasama sa kabutihang espirituwal ng kapwa kritiko at tumatanggap ng kritisismo: Mateo 7:1-5; 2 Mga Taga Corinto 2:1-11; Mga Taga Galacia 5:14, 15; Mga Taga Efeso 4:30-32). Ang pagdidisiplina ay kailangan lamang gawin bilang pinakahuling paraan, at palagi dapat sa pamamagitan ng mapanalanginin na tagapayo at nasa isinasaisip ang pinaka ikakabuti ng nagkamaling kapatid (1 Mga Taga Corinto 5:1-7; Mga Taga Galacia 6:1-5).

